Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-14 NG OKTUBRE, 1998, MIYERKOLES, SA GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.

DUMALO

| | |
|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO................. | PANG. PUNONG BAYAN TAGAPANGULO |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr........... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez.............. | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison................ | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon................ | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca................ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco............. | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villasenor........... | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Florencio C. Odejar............. | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas............... | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan.... | Kagawad |

## KAPASIYAHAN BLG. 142-T'98 -T

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET BLG. 3-T'98 NA NAGKAKAHALAGA NG ANIMNARAAN LIMAMPU'T SIYAM NA LIBONG PISO (P659,000.00) PARA SA PROGRAMANG "CLEAN & GREEN" NG PAMAHALAANG BAYAN.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng Sangguniang ito ang kahilingan ng Kgg. Punong Bayan Domingo G. Panganiban na makapagpatibay ng Karagdagang Badyet ang Pamahalaang Bayan na nagkakahalaga ng P659,000.00 para sa patuloy na paglulunsad ng programang "Clean & Green";

**SAPAGKA'T,** ang pondong pagkukunan para sa nabanggit na programa ay magmumula sa Continuing Appropriation ng Pangkalahatang Pondo (General Fund) na nagkakahalaga ng P659,162.37.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon, Edgardo T. Porca, Angelito U. Limjuco at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na pagtibayin ang mga sumusunod na:

**KAUTUSAN SA PAGLALAAN NG PONDO BLG. 4 - T'98**

**IPINAG-UUTOS** ng Kgg. Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna na :

**SEKSIYON 1** - Ilaan ang halagang P659,000.00 bilang karagdagang Badyet Blg. 3-T'98 ng Pamahalaang Bayan na magmumula sa Continuing Appropriation ng Pangkalahatang Pondo (General Fund) na nagkakahalaga ng P659,162.37, sa ikaayos ng badyet sa taong ito.

**SEKSIYON 2** - Ang Kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay.

**PINAGPASIYAHAN PA:** Na pagkalooban ng kapangyarihan ang Pambayang Pinuno sa Badyet at Pambayang Ingat-Yaman na makapagsagawa ng pamamaraan sa paglalaan ng pondo batay sa patakaran at panuntunan sa pagbabadyet at pagaawdit at ayon sa nilalayon ng kautusang ito.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet at Pambayang Tagatuos, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahan at kautusang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**NAGPATUTOO:**

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan/Tagapangulo

**PINAGTIBAY:**

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan